Pangalan: ___________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Paggamit ng mga Pahayag sa Pagsisimula, Pagpapadaloy, at Pagtatapos ng Isang Kuwento**

**I. PANUTO:** Bilugan ang letra ng tamang sagot sa bawat bilang.

1. "Payapa ang buong paligid. Wala kang makikita ni isang tao man lamang. Tanging mga huni ng ibon ang maririnig mo. Damang-dama niya ang pagdampi ng malamig na ihip ng hangin sa kaniyang braso." Paano sinimulan ang maikling kuwento sa pahayag na nabanggit?

   a. paglalarawan sa tauhan
   b. paglalarawan sa tagpuan
   c. pahayag na makatawag pansin
   d. usapan o diyalogo

2. "Isang matangkad na lalaki, matipuno, at makisig ang pangangatawan ang tumambad sa kaniyang harapan. Mukhang anak mayaman ito sa kaniyang postura. Wala itong binitiwang salita. Tinitigan lamang siya mula ulo hanggang paa." Paano ang pagpapadaloy ng maikling kuwento sa pahayag na nabanggit?

   a. paglalarawan sa tauhan
   b. paglalarawan sa tagpuan
   c. pahayag na makatawag pansin
   d. usapan o diyalogo

3. Alin sa sumusunod na pagwakas ang ginagamitan ng pahayag na makatawag pansin?

   a. "Bakit ba kasi ako ang naatasang gumawa nito kung puwede naman sa ibang tao? Paano ko kaya tatapusin lahat ito kung napakarami naman ang ibinigay na responsibilidad sa akin? Bahala na nga!"
   b. "May kaakibat na pananagutan ang anumang kapangyarihan. Kaya gamitin natin ito nang tama at responsable. Huwag nating hayaang magpadala sa anumang mapanlinlang na tukso."
   c. "Hayaan mong damayan kita sa nararamdaman mong pighati. Naniniwala akong malalampasan mo ang mga pagsubok na iyan!"
   d. "Doon lamang niya napagtanto na tama ang sinabi ng lalaki sa kaniya. Bumalik siya sa pinangyarihan ng insidente. Ngunit wala na siyang naabutan pa. Malaki ang pagsisisi niya sa kaniyang naging desisyon."

4. Bakit gumagamit ng iba't ibang pahayag sa pagsisimula, pagpapadaloy, at pagtatapos ang maikling kuwento?

   a. sapagkat nagbibigay ito ng kariktan sa pagkukuwento
   b. para makakuha ng interes at kawilihan ng mambabasa
   c. upang maging kapana-panabik ang bawat bahagi ng kuwento
   d. dahil mas nagiging masining ang pagsasalaysay ng mga pangyayari

5. Sa pagwawakas ng kuwento, alin sa mga pahayag ang gumagamit ng paraang seryeng retorikal?

   a. Ano ang gagawin mo ngayon? Mas mabuting maghintay ka kaysa umayaw dahil darating din ang minimithi mo sa tamang panahon.
   b. Labis kang nagsisi sa nangyari? Pero bakit hindi mo agad inamin ang lahat? Kung naging tapat ka lamang sa kaniya hindi sana aabot sa ganito ang lahat?
   c. Manatili kang inspirasyon sa nakararami. Huwag mong sayangin ang tiwalang ibinigay nila sa iyo. Hindi ba't ito ang inaasam mong tagumpay noon pa man?

d. Totoo ba ang lahat ng nangyari? Paano mo mapagtatagumpayan ito kung panghihinaan ka na ng loob? Matuto kang lumaban para sa iyong kalayaan.

**II. PANUTO:** Piliin mula sa kahon ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

| | |
|---|---|
| a. Paglalarawan sa Tauhan | d. Usapan o Diyalogo |
| b. Paglalarawan sa Tagpuan | e. Pahayag na Retorikal |
| c. Pahayag na Makatawag Pansin | |

_____ 6. Mabuti't kinabukasan, sapagkat masakit ang ulo ni Sunae, napag-isa sina Hyongsik at Sonhyong. Nang matapos ang lahat ng aralin para sa araw na iyon, tinipon ni Hyongsik ang lahat ng lakas niya at saka hinarap ni Sonhyong.

_____ 7. Hindi maaari. Banal na kaloob ng Diyos ang kasal. Hindi maaaring gawin dito ang anumang ibigin ng tao. Kung gayon, mali ang mga sinabi ni Hyongsik; hindi dalisay ang kaniyang mga salita. Ngunit siya'y asawa na nito ngayon, at walang taong makapagbabago niyon.

_____ 8. Totoong nakamit niya ang oo ni Sonhyong nang gabing magtapat siya rito. Ngunit ano talaga ang ibig sabihin ng oong iyon? Mahal ba siya talaga ng dalaga, o sumusunod lang ang babae sa kagustuhan ng mga magulang nito? Hindi ba't magkatulad lamang ang pakikitungo ni Sonhyong sa kaniya at ang sa kaibigan niyang si Pyonguk sa asawa naman nito?

_____ 9. Samantala'y litong-lito naman si Sonhyong kaya't hindi siya makapag-isip nang tuwid. Lalo siyang kinabahan sa pamumutla ng mukha ni Hyongsik. Kaya ang sinabi niya lang, "Oo…"

_____ 10. "Sagutin mo sana nang tapat ang tanong ko. Naniniwala akong ginagawa ko ang tama, sapagkat walang dapat itinatago sa pagitan ng nag-iibigan," sabi ni Hyongsik, at sa lakas ng kabog sa kaniyang dibdib, para bang buhay at kamatayan ang pagtatayaan sa mga susunod na sandali.